

Mga haka-haka tungkol sa COVID-19 vaccine

Haka-haka: Maaari mong makuha ang COVID-19 mula sa bakuna

Katotohanan: Hindi maaaring makuha ang COVID-19 mula sa bakuna dahil hindi ito nagtataglay ng buhay o 'live' virus, kaya hindi ito maaaring maging sanhi ng sakit. Ang mga bakuna ay may nilalaman na genetic code na ginagamit ng ating mga cells upang gumawa ng kaunting COVID-19 virus para makalikha ang ating immune system ng antibodies at iba pang reaksiyon upang labanan ang virus. Maaaring mahawaan ka ng COVID-19 at hindi mo napansin na may sintomas ka hanggang pagkatapos ng iyong pagkabakuna.

Haka-haka: Iniiba ng bakuna ang ating DNA

Katotohanan: Hindi maaaring maiba ng bakuna ang ating DNA. Nagsasagawa ang bakuna ng reaksiyon sa ating immune system upang labanan ang mga mikrobyo sa ating katawan. Nagtataglay ng katiting na bahagi ng virus ang COVID-19 vaccine at nagbigigay ito ng senyales sa ating immune system upang atakehin ito. Nananatili ang reaksiyong ito sa ating immune system at handang labanan ang COVID-19 kung makaharap muli ito.

Katang-isip: Hindi ligtas ang bakuna dahil minadali ang paggawa nito

Katotohanan: Dumaan ang mga COVID-19 vaccine sa lubhang masusing pagsubok upang mapanigurado na ang mga ito ay ligtas. Ipababahagi lamang ng NHS ang mga COVID-19 na bakuna kapag ito ay napatunayang ligtas na. Hindi nag-iba ang mga patakaran ng [MHRA](#) para sa kaligtasan at pagiging epektibo dahil sa mabilisang produksiyon at pag-test. Imbes na hintayin ang katapusan ng clinical trials para masuri ang datos, pinag-aralan ito habang isinagawa ang mga trials para mapabilis ang pag-apruba nito.

Haka-haka: Hindi ligtas ang bakuna para sa mga katauhang BAME

Katotohanan: Walang ebidensiya na mag-iiba ang epekto ng bakuna sa iba't-ibang lahi. Kabilang sa mga

Lumahok sa [Pfizer](#) vaccine trials ay 9.6% black/African, 26.1% Hispanic/Latino and 3.4% Asian. Sa [Oxford/AstraZeneca](#) vaccine trials naman, 10.1% ng mga lumahok ay Black at 3.5% ay Asian. May bagong [video](#) para sa mga ethnic minority communities na nag-aalinlangang magpaturok ng Covid vaccine.

Haka-haka: Kung ikaw ay nabakuna na, hindi mo na maipapasa ang COVID-19 sa iba

Katotohanan: Hindi pa alam kung matitigil ng bakuna ang pagkuha at pagpasa ng virus. Inaasahan na mababawasan ang ganitong pangyayari, ngunit mahalaga pa ring sundan ang mga takdang patakaran.

Haka-haka: Hindi mo na kailangan ng bakuna kung nagka-COVID-19 ka na

Katotohanan: Maaari ka pa ring magka-COVID-19 muli, at hindi pa alam kung gaano katagal mananatili ang proteksiyong ito kung nagka-COVID ka na. Dahil lubhang mapanganib sa kalusugan ang COVID-19, inaalok pa rin ang bakuna sa mga nagka-COVID na.

Haka-haka: Nababawasan ng bakuna ang kakayahang magkaanak

Katotohanan: Walang ebidensiya na ang bakuna ay makakabawas sa kakayahang magkaanak. Ayon sa patnubay na galing sa [Public Health England](#), walang payo na iwasan ang pagkabuntis pagkatapos mabakunahan ng COVID-19 vaccine.

Haka-haka: Hindi dapat mabakunahan ang mga buntis

Katotohanan: Hindi pa nasusubukan ang bakuna sa mga buntis, kaya habang wala pang sapat na impormasyon sa mga epekto nito, ipinapayo na ang mga buntis ay huwag munang magpaturok. Ayon sa [Joint Committee on Vaccination and Immunisation \(JCVI\)](#), maaaring magdulot ng benepisyo ang pagbakuna lalo na sa mga babaeng buntis na malamang na mahawa sa COVID-19, o yung mga may karamdamang maaaring lumala o magkaroon ng malubhang komplikasyon dahil sa COVID-19. Walang pag-aalala rito ang natagpuan sa mga non-clinical na pag-aaral ng AstraZeneca COVID-19 vaccine. Ang payo ng [Public Health England](#) ay ipaantala ang pangalawang pagturok hanggang matapos ang pagkabuntis, (maliban lang kung ikaw ay [high risk](#)) kung mabuntis ka pagkatapos ng unang bakuna.

Haka-haka: Hindi ligtas magpabakuna kung ikaw ay nagpapasuso

Katotohanan: Walang datos sa kaligtasan ng COVID-19 vaccines sa pagpapasuso o sa batang sumususo. Gayunpaman, hindi inaakalang mapanganib ang COVID-19 vaccines sa mga batang sumususo, at tanggap ang kabutihan sa kalusugan na dulot ng pagpapasuso. Maaaring magpabakuna ang mga nagpapasuso, ayon sa payo ng [Public Health England](#).

Haka-haka: May sangkap ng baboy ang bakuna

Katotohanan: Kinumpirma ng manggagawa ng bakuna, ang [AstraZeneca](#) at [Pfizer/BioNTech](#), na walang anumang sangkap ng hayop sa bakuna, at walang ginamit na cells na galing sa hayop sa paggawa nito.

Haka-haka: May mga bahagi ng nalaglag na sanggol o aborted foetus ang bakuna

Katotohanan: Kinumpirma ng [Public Health England](#) na walang sangkap ng nalaglag na sanggol o aborted foetus ang bakuna. Kinumpirma rin ng AstraZeneca na hindi sila gumamit ng MRC-5 cell lines sa paglikha ng bakuna, ngunit gumamit ng ibang cell strain galing sa isang aborted foetus na ipinalaglag noong 1970s. Ginagamit ang mga cells upang palaguhin ang virus para sa vaccine, ngunit itong cells na ito ay hindi isinasama sa huling bersiyon ng bakuna.

Haka-haka: Kailangan mo ang numero mo sa NHS para magpabakuna

Katotohanan: Maaari ka pa ring magparehistro sa [NHS](#) website para magpabakuna, kahit na hindi mo alam ang iyong NHS number.

Haka-haka: May microchip sa bakuna

Katotohanan: Walang microchip sa bakuna. Itong haka-hakang ito ay maaaring nanggaling sa isang [paper](#) na walang kinalaman sa COVID-19 vaccines na inilathala ng mga mananaliksik sa MIT. Sila ay nakadiskubre ng kakaibang paraan upang maitala ang vaccination history ng isang pasyente. Nakaimbak ang impormasyon sa isang pattern ng dye o pangulay, na hindi nakikita ng mata, at itiniturok sa ilalim ng balat kasabay ng bakuna. Iyong dye, na gawa sa nanocrystals na ang tawag ay quantum dots, ay maaaring manatili ng limang taon sa ilalim ng balat. Itong dye ay nagbibigay ng near-infrared light na maaaring makita ng isang espesyal na smartphone. Hindi ito microchip. Ang tanging impormasyon na maibibigay ng dye na ito ay kung ikaw ay nabakunahan na, at hindi ito kasalukuyang ginagamit sa mga COVID-19 vaccines,

Haka-haka: Hindi magiging epektibo ang bakuna kung may 12 na linggo sa pagitan ng pagturok

Katotohanan: Sumang-ayon ang mga [UK Chief Medical Officers](#)

na magkaroon ng mas mahabang panahon sa pagitan ng unang at pangalawang pagturok upang mapanigurado ang mas mabilisang pagbakuna ng mas nakararaming tao. May ebidensiya rin na mataas pa rin ang proteksiyon na dulot ng isang pagturok. Ang resulta ay malawakang benepisyo para sa nakararami sa mas madaling panahon, at maiiwasan ang kawalan ng buhay.

Haka-haka: Mawawalan ako ng pagkakataong magpabakuna kung hindi ako makapunta sa isang mass vaccination centre

Katotohan: Lahat ay pinapayuhang magpa - [vaccinated](#) nang maaga. Kung ayaw mo, o hindi ka makapunta sa isang mass vaccination centre, maaari kang maghintay at magpabakuna na lamang sa iyong GP.